

## PANUKALA C

### WALANG-PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADO NG LUNSOD SA PANUKALA C

Inilagay ang Panukala C sa balota sa pamamagitan ng isang petisyon na pinirmahan ng kinakailangang bilang ng mga botante. Kung aaprubahan, sususugan ng Panukala C ang Pangkalahatang Plano ng Cupertino (na pinamagatang *Pangkalahatang Plano (Pananaw ng Komunidad 2015-2040)*) upang limitahan ang muling pagpapaunlad sa Espesyal na Lugar ng Distrito ng Pamilihan ng Vallco (Vallco) at magtakda ng limitasyon sa mga taas ng gusali at pamantayan sa buong Lunsod.

Babaguhin ng Panukala C ang mga tadhana sa Pangkalahatang Plano na naaangkop sa Vallco (isang 58 akreng lugar, kung saan ang karamihan ay inookupahan ng Pamilihing Mall ng Vallco) upang alisin ang kasalukuyang pananaw sa komunidad para sa lugar na nakalaan sa iba't ibang paggamit, kabilang ang:

- Pag-aalis sa pagpapaunlad ng tirahan at opisina (na katumbas ng 2,000,000 kuwadrangong talampakan ng espasyo ng opisina na kasalukuyang inilaan ng Pangkalahatang Plano) at pagpapahintulot sa mga paggamit para lang sa pagtitingi, hotel, kainan at aliwan.
- Pag-aalis sa 389 na tirahang yunit na kasalukuyang nakalaan sa Vallco at muling paglalaan ng humigit-kumulang 60 porsyento (243 yunit) sa iba pang lugar na para sa tirahan at iba't ibang paggamit sa Cupertino.
- Pagpapanatili sa umiiral na 1,200,000 kuwadrangong talampakan na nakalaan para sa komersiyo/pagtitingi sa Vallco bilang "pinakamababa" at "pinakamataas," na magpapababa sa kaakmaan ng uri ng pag-unlad.
- Paglilimita sa mga limitasyon sa taas para sa bagong pagpapaunlad sa Vallco sa 45 talampakan, na mas mababa sa taas ng maraming umiiral na gusali, sa Vallco.
- Pagtatanggal sa ilang "estrategiya" ng Pangkalahatang Plano para sa Vallco na sumasalamin sa pagpapasiya ng Konseho ng Lunsod na kakailanganin ng dalubhasang tagapagpapaunlad para sa muling pagpapaunlad sa lugar at kailangan ang "ganap na muling pagpapaunlad" sa lugar upang maisagawa ang pananaw sa komunidad.

Sa iba pang mga lugar ng Lunsod, sa pangkalahatan, babaguhin ng Panukala C ang Pangkalahatang Plano, kabilang ang:

- Pagpapataas sa limitasyon sa taas ng gusali mula 30 talampakan patungo sa 45 talampakan sa mga Kapitbahayan ng Lunsod (mga bahagi ng Lunsod na nasa labas ng "Mga Espesyal na Lugar" ng Pangkalahatang Plano)—isang 50 porsyentong pagtaas. Kinakatawan ng mga kapitbahayan ang humigit-kumulang tatlong-kapat sa nasasakupang lupa ng Lunsod. Ang mga kasalukuyang inaatas sa pagsosona ng Lunsod ay mag-aatas pa rin ng 30 talampakang limitasyon sa mga taas ng gusali sa humigit-kumulang tatlong-kapat sa mga Kapitbahayang lugar. Humigit-kumulang isang-kapat sa mga Kapitbahayang lugar ang nagtakda ng limitasyon sa mga taas alinsunod sa Pangkalahatang Plano, na madaling maaapektuhan ng Panukala C.

### WALANG-PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADO NG LUNSOD SA PANUKALA C-Ipinagpatuloy

- Pagbabawal sa mga pagpapataas sa limitasyon sa mga taas ng gusali, kapal, nasasakupang lote o lupang kinatatayuan ng gusali sa buong lunsod, at pagbabawal sa mga pagpapababa sa mga pinakamababang "inaatas sa setback" na itinakda ng Pangkalahatang Plano.
- Pagdaragdag ng mga bagong patakaran kaugnay ng mga pamantayan sa pagpapaunlad at pagtatayo, kabilang ang mga setback, stepback, lupang kinatatayuan ng gusali at pagdurugtong sa taas ng rooftop sa buong lunsod.
- Paglilimita sa pinakamalawak na nasasakupang lote para sa mga proyektong higit sa 50,000 kuwadrangong talampakan.
- Pagpapababa sa paglalaan para sa tirahan (bilang ng mga pinapayagang paninirahan) sa 146 na yunit.
- Pagdaragdag ng mga partikular na patakaran sa paggamit sa lupa na naaangkop sa North De Anza Boulevard, Stevens Creek Boulevard at Homestead Road sa Parke ng North Vallco.

Nakasaad din sa Panukala C na ang umalinsunod sa mga pagsusog ay dapat gawin sa kodigong munisipal, mga ordinansa, patakaran at plano ng Lunsod sa loob ng anim na buwan simula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa.

Ang mga botante lang ang makakapagbago sa mga susog sa Pangkalahatang Plano na pinagtibay ng Panukala C.

Ang "Oo" ay isang boto na nag-aapruba sa mga susog sa Pangkalahatang Plano na inilarawan sa itaas. Ang "Hindi" ay isang boto na huwag aaprubahan ang mga susog sa Pangkalahatang Plano na iyon. Maaaprubahan ang Panukala C kung makakatanggap ito ng simpleng mayoriya ng boto na "Oo." Kung parehong naaprubahan ang Panukala C at isa pang sumasalungat na panukala, ang panukalang may pinakamataas na boto ng pagsang-ayon lang ang magkakaroon ng bisa.

Pinetsahan: Agosto 19, 2016

/p/ Randolph Stevenson Hom  
Abugado ng Lunsod ng Cupertino

**Ang pahayag sa itaas ay isang walang-pinapanigang pagsusuri sa Panukala C. Kung gusto ninyo ng kopya ng panukalang ito, pakitawagan ang opisina ng opisyal ng mga halalan sa (408) 777-3223 at padadalhan kayo ng libreng kopya.**

## PANGANGATWIRANG PANIG SA PANUKALA C

Ang sumusunod na Pangangatwirang Panig sa Panukala C ay kumakatawan sa mga OPINYON ng mga may-akda, na mga matagal nang residente na nagtataguyod ng may katuturang pagyabong sa Cupertino. Hinikikayat namin kayong basahin ang inisyatibo at magpasiya kung ano ang palagay ninyo. ([www.ccSensibleGrowth.org](http://www.ccSensibleGrowth.org))

Ang Panukala C ay ang Inisyatibo hinggil sa May Katuturang Pagyabong ng mga Mamamayan ng Cupertino.

### Ang Ginagawa ng Panukala C:

- Nagbibigay-kakayahan sa mga botante na tanggihan ang hindi kontroladong pagyabong sa Cupertino. Masisira ang kalidad ng pamumuhay na tinatamasa natin ngayon dahil sa hindi kontroladong pagyabong.
- Pumipigil sa mayayamang tagapagpaunlad, tagalobi, pangkat ng espesyal na interes, at tagaloob na samantalain ang Cupertino para sa sarili nilang pakinabang.
- Muling nagpapasigla sa Distrito ng Pamilihan ng Vallco bilang isang lugar para sa pagtitingi, hotel, kainan at paglilibang, at tumatanggi sa pagkakatalaga nito bilang isang lugar na para lang sa paggamit ng mga opisina na may halos 6 na milyong kwadrang talampakan para sa mga opisina at iba pang mga paggamit.
- Tumutulong sa pagpigil sa mas malawakang pagdami ng mga estudyante sa paaralan at pagsisikip ng daloy ng trapiko.
- Nagbibigay-kakayahan sa mga botante na panagutin ang mga tagapagpaunlad para sa mga pagpapahusay sa mga imprastraktura na kinakailangan dahil sa kanilang mga proyekto.

### Paano Gumagana ang Panukala C?

Hindi magbabago ang proseso ng pagsusuri at pag-apruba ng Lunsod maliban na lang kung kailangan ng susog sa Pangkalahatang Plano para sa isang proyekto. Para sa ilang susog sa Pangkalahatang Plano (General Plan amendments o GPA), na makakadagdag sa pagkasiksik ng mga gusali sa isang lugar, kasama na ang mga taas ng mga gusali, kailangan ang pag-apruba ng mga botante. Tinitiyak ng pag-apruba ng mga botante sa mga GPA na nakakatugon ang mga proyekto ng pagpapaunlad sa mga pangangailangan ng mga residente.

### Bakit Tinututulan ng mga Tagapagpaunlad ang Panukala C?

Sa Panukala C, kailangang mahikayat ng mga hindi nakakasunod na proyekto ang mayoriya ng mga botante, sa halip na 3 miyembro ng Konseho ng Lunsod lang, na maaaring maimpluwensiyahan ng mga ambag para sa kampanya at iba pang mga benepisyo mula sa mga may interes sa pagpapaunlad.

### Bakit Sinusuportahan ng mga Residente ang Panukala C?

Sinusuportahan ng mga residente ang balansyadong pagyabong kung saan pinapaunlad ang imprastraktura, kasama na ang mga paaralan at transportasyon, kasabay ng mga opisina at pabahay.

## PANGANGATWIRANG PANIG SA PANUKALA C -Ipinagpatuloy

Bumoto ng **Oo sa C**, ang inisyatibong itinataguyod ng mga mamamayan. Bumoto ng **Hindi sa D**, isang inisyatibong itinataguyod ng mga tagapagpaunlad.

/p/ Steven M. Scharf  
Tagapagtaguyod ng Panukala C

/p/ Anne Brooke Ezzat  
Tagapagtaguyod ng Panukala C

/p/ Xiangchen Xu  
Tagapagtaguyod ng Panukala C

## SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PANUKALA C

Hindi kami mga tagapagpaunlad. Kami ay matatagal nang miyembro ng komunidad na buong-loob na pipirma sa Sagot na ito. Sumasang-ayon kaming lahat na magkakaroon ng masamang epekto ang Panukala C sa ating kapitbahayan para sa mga susunod na henerasyon.

Isa sa mga pinakatumpak na linya sa Katwiran ng Panukala C ay ang pagiging paglalarawan lang nito sa "MGA OPINYON" ng mga may-akda. Malinaw na ipinapakita ng mga lantarang bulaan at baluktot na pahayag na hindi tumutugma ang kanilang mga opinyon sa mga totoong pangyayari, at mahalaga ang mga katotohanan:

**TOTOO: Dahil sa pabayang paggawa ng balangkas, tinaasan ng Panukala C ng 4 na palapag ang limitasyon sa taas ng mga establisyemento sa kapitbahayan.** Nakasaad itong lahat sa tanong sa balota. Kinontrata ng Lunsod ang isang Hukom ng Hukumang Superyor ng County ng Santa Clara, ang Konseho ng Lunsod ng Cupertino at isang independiyenteng kompanya ng batas upang suriin ang Panukala C at sumasang-ayon ang lahat na: ang pagpapatibay ng Panukala C ay maaaring magkaroon ng malaking pagbabago sa kapitbahayan ng Cupertino sa pamamagitan ng pagpayag sa pagpapatayo ng mga 45 talampakan, 4 na palapag na bahay.

**TOTOO: Ang pagpapatibay ng Panukala C ay magreresulta sa isang walang buhay na Vallco para sa mga darating na dekada.** Ang opinyon ng may-akda na maaaring buhayng muli kahit papaano ng Panukala C ang Vallco ay isang lumulutang na pangarap na hindi sinusupportahan ng mga katotohanan. Paulit-ulit na inilarawan ng mga independiyenteng pag-aaral sa ekonomiya at dalubhasang pagsusuri na, dahil sa mga hindi mababawing pagbabago sa mga kundisyon ng pamilihan, ang plano na magkahalong paggamit na tinatawag na Pangkalahatang Plano ng Cupertino ay ang tanging paraan na maaaring ikaunlad ng Vallco at maaaring maghatid ng mga benepisyo na kinakailangan ng komunidad.

**TOTOO: Sa ilalim ng Panukala C, kahit ang maliliit na pagbabago sa pagpapatayo ay maaaring magdulot ng mga sapilitang hindi kinakailangang eleksiyon na gagastusan ng mga tagabayad ng buwis ng Cupertino nang hanggang \$400,000 kada eleksiyon.**

Mangyaring makiisa sa aming hakbang upang mapigilan ang pagpapatayo ng mga 4 na palapag na bahay sa pamayanan ng Cupertino at muling pasiglahin ang Vallco sa pamamagitan ng pagboto ng Hindi sa Panukala C.

/p/ Gary Jones

Tagapagtaguyod ng Nagbibisikleta at Naglalakad at Naninirahan sa Cupertino nang 40 taon

/p/ Ann Woo

Direktor na Tagapagpaganap ng Di-nagtutubo, Imbentor at Naninirahan sa Cupertino nang 34 na taon

/p/ Ben Shyy

Dentista sa Cupertino at Naninirahan sa Cupertino nang 26 na taon

/p/ Anjali Kausar

CEO ng Kamara de Komersyo ng Cupertino

/p/ Gary McCue

Dating Miyembro ng Lupon ng Distrito ng Unyon ng Paaralan ng Cupertino

## PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA C

Magkakasundo tayo sa dalawang bagay: 1) kailangan nating solusyunan ang Vallco at 2) hindi kailangan ng mga residensyal na kapitbahayan ng Cupertino ng mga tahananang may 4 na palapag.

Ngunit ang kabaligtaran ang magagawa ng Panukala C. Kung maipapasa, tataasan nito ang pinakamataas na mga tahanan sa karamihan ng kapitbahayan sa 4 na palapag at pipigilan nito ang muling pagpapasigla sa Vallco, na tinitiyak na mananatili itong pinabayaan at walang laman.

Ang inisyatibo at independiyenteng pagsusuri ng inisyatibo ng Lunsod ng Cupertino ay mababasa sa [www.cupertino.org/initiatives](http://www.cupertino.org/initiatives). Narito ang mga katotohanan:

Katotohanan: Tataasan ng Panukala C ang limitasyon sa Mga Kapitbahayan ng Lunsod sa 45 talampakan, isang pagtaas nang 50%. Ibig sabihin, darami ang mga tahananang may 4 na palapag sa ating mga residensyal na kapitbahayan, na makakaapekto sa karamihan ng Cupertino.

Katotohanan: Haharangan ng Panukala C ang magkahalong paggamit na muling pagpapasigla sa Vallco, na mauuwi sa walang lamang 'ghost mall' para sa mga paparating na taon.

Katotohanan: Haharangan ng Panukala C ang higit sa \$47 milyon sa isang beses na kita at \$2.8 milyon sa taunang kita para sa mga paaralan at serbisyo ng lunsod ng Cupertino gaya ng kaligtasan ng publiko, mga parke at mga aklatan.

Katotohanan: Haharangan ng Panukala C ang paggawa ng 30-akre na parke ng komunidad at lugar ng kalikasan at malaki ang magiging paglilimita nito sa mga bukas na espasyo para sa komunidad.

Katotohanan: Sa Panukala C, kakailanganin ng eleksyon upang aprubahan kahit na ang maliliit na pagbabago sa mga pagpapaunlad sa ating lunsod. Ang bawat isa sa mga halalang ito ay gagastos ng \$400,000 na mula sa mga nagbabayad ng buwis, na mas mainam na gastusin sa mahahalagang serbisyo ng lunsod.

Katotohanan: Haharangan ng Panukala C ang pagtatayo ng pabahay na talaga namang nararapat para sa mga nakatatanda.

Katotohanan: Haharangan ng Panukala C ang higit sa \$36 milyon sa pagpopondo para sa mga talaga namang kinakailangang pagpapahusay sa transportasyon upang mapaluwag ang trapiko sa I-280 at sa mga kalsada ng ating lunsod.

**PANGANGATWIRANG LABAN SA  
PANUKALA C -Ipinagpatuloy**

Sapat na dapat ang mga katotohanang ito. Samahan kami at ang mga lider ng komunidad mula sa buong Cupertino sa pagsasabi ng HINDI sa mga tahanang may 4 na palapag sa ating mga kapitbahayan at sa walang pakinabang na Vallco para sa mga paparating na taon. Wala talagang kabuluhan ang CC "Sensible" Growth Initiative (Inisyatibong may Katuturang Pagyabong). Bumoto ng HINDI sa Panukala C.

/p/ Judith Wilson

Tagapagtaguyod ng Edukasyon at Naninirahan sa Cupertino nang 30 Taon

/p/ Richard Lowenthal

Dating Alkalde ng Cupertino at Naninirahan sa Cupertino nang 33 Taon

/p/ Hung Wei

Mamamayan ng Taon ng Cupertino ng 2016 at Naninirahan sa Cupertino nang 26 na Taon

/p/ Hemant Buch

Kasamang Nagtatag sa California Cricket Academy [CCA] at Naninirahan sa Cupertino nang 17 Taon

/p/ Keith Warner

Nanunungkulang Presidente ng Kamara de Komersiyo ng Cupertino at Naninirahan sa Cupertino nang 17 Taon

**SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA C**

Ang Panukala C ay ang panukalang ginawa ng Mamamayan, para sa Mamamayan, para sa Cupertino.

Inaayos ng Panukala C ang Pangkalahatng Plano at isa itong malinaw na balangkas upang maging gabay sa makatwiran at maalam na pagpapaunlad at pinapanatili nito ang Vallco para sa pamimili at pagpapalipas ng oras sa Cupertino sa halip na gawin itong pagpapatayo ng malaking opisina.

Propaganda lang ang mga katwiran LABAN SA Panukala C.

([www.ccSensibleGrowth.org](http://www.ccSensibleGrowth.org))

Sa kasamaang palad, ang "walang pinapanigang pagsusuri" na inilimbag sa kalapit ay **hindi independiyente**. Sa halip, isa itong muling pagsusulat ng mga tinalakay mula sa mga tagapagpaunlad ng malaking pera ng Abugado ng Lunsod. Ngayon, mukhang ang Abugado ng Lunsod ang gumagawa ng pagbi-bid ng mga tagapagpaunlad sa halip na binabantayan niya ang pangangailangan ng mga botante ng Cupertino na silang nagpapasuweldo sa kaniya.

Malinaw ang batas na ang mga katwiran PARA SA Panukala C ay bahagi ng legal na pagpapakahulugan ng Panukala C.

Pinapayagan ng Panukala C ang pagpapanibagong hubog ng Vallco bilang lugar na pampalipas ng oras. ***Sa Panukala C, ang Cupertino ay maaaring maging puntahang lugar para sa pamimili, kainan, pagsasama-sama at paglilibang na gusto ng mga tao!***

Bumoto ng **Oo sa C**, ang inisyatibong itinataguyod ng mga mamamayan. Bumoto ng **Hindi sa D**, isang inisyatibong itinataguyod ng mga tagapagpaunlad.

/p/ Steven M. Scharf

Tagapagtaguyod ng Panukala C, Inhinyero, Naninirahan sa Cupertino nang 17 taon

/p/ Anne Brooke Ezzat

Tagapagtaguyod ng Panukala C, Naninirahan sa Cupertino nang 27 taon

/p/ Xiangchen Xu

Tagapagtaguyod ng Panukala C, Naninirahan sa Cupertino nang 5 taon

/p/ Aravind Balakrishnan

Inhinyero ng Programa sa Computer, Naninirahan sa Cupertino nang 20 taon

## PANUKALA D

### WALANG-PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADO NG LUNSOD SA PANUKALA D

Inilagay ang Panukala D sa balota sa pamamagitan ng petisyon na pinirmahan ng kinakailangang bilang ng mga botante. Kung maaaprubahan, papagtibayin ng Panukala D ang Ispesipikong Plano sa Sentro ng Bayan ng Vallco at gagawa ng mga nauugnay na pagsusog sa Pangkalahatang Plano at Kodigong Munisipal ng Cupertino. Sama-sama, pamamahalaan ng Ispesipikong Plano sa Sentro ng Bayan ng Vallco, mga pagsusog sa Pangkalahatang Plano at mga pagsusog sa Kodigong Munisipal ang pagpapaunlad sa loob ng 58 akre ng Espesyal na Lugar ng Distrito ng Pamilihan ng Vallco, kung saan ang karamihan ay inookupahan ng Pamilihan Mall ng Vallco.

Partikular dito, ang Ispesipikong Plano sa Sentro ng Bayan ng Vallco ay:

- Magkakaloob ng mga may permisong paggamit sa lupa, kabilang ang:
  - **Pangtirahan:** 389 na yunit (hanggang sa humigit-kumulang 800 yunit, na may kondisyonal na permiso sa paggamit);
  - **Pang-opisina:** 2,000,000 sf (hindi bababa sa 100,000 sf na espasyo para sa incubator, kasamang pagtatrabaho o espasyo sa maramihang pagpapaupa);
  - **Pangkomersiyo:** 640,000 sf (hindi bababa sa 600,000 sf para sa pagtitingi, aliwan at mga personal na serbisyo; hanggang sa 40,000 sf ang maaaring para sa pagpapalakas ng katawan);
  - **Hotel:** 339 na silid (148 ang naaprubahan na ng Lunsod);
  - **Pampubliko/Sibiko:** Hindi bababa sa 50,000 sf (maaaring itaas hanggang 100,000 sf kung binawasan ang espasyo ng tanggapan ayon sa proporsyon);
  - **Bukas na Espasyo/Mga Parke:** 30 akre ng green roof, na mapupuntahan ng publiko, nang may hindi bababa sa 3.8 milya ng mga pampublikong landas, at dalawang "plaza sa bayan" na sumasakop sa hindi bababa sa 3 akre.
- Magpapatibay ng mga pamantayan sa pagpapaunlad, kabilang ang mga inaatas sa taas, mga setback at mga pangangailangan ng paridadhan. Ang mga limitasyon sa taas ng gusali ay nasa pagitan ng 30-95 talampakan; ang mga taas ng bubong ay nasa pagitan ng 0-25 talampakan sa itaas ng mga gusali; at ang mga pabilyon sa rooftop ay hindi lalampas sa 24 na talampakan sa itaas ng bubong.
- Nag-aatas sa tagapagpaunlad na magbigay ng mga binanggit na "mga benepisyo sa komunidad" at "mga tampok sa disenyong pangkapaligiran," kabilang ang:
  - humigit-kumulang \$40,000,000 sa mga pasilidad at programa para sa mga lokal na paaralan batay sa ipinagkaloob mula sa mga kasunduan sa donasyon sa pagitan ng tagapagpaunlad at mga distrito ng paaralan;
  - humigit-kumulang \$30,000,000 sa mga pagpapahusay sa transportasyon para sa interchange ng I-280/Wolfe Road at iba pang mga bahagi ng freeway;
  - \$6,000,000 para sa daanan ng bisikleta/naglalakad sa kahabaan ng I-280;

### WALANG-PINAPANIGANG PAGSUSURI NG ABUGADO NG LUNSOD SA PANUKALA D-Ipinagpatuloy

- mga karagdagang pagpapahusay sa offsite na daanan ng sasakyan, bisikleta at naglalakad;
- isang bahagi ng pagpopondo para sa pagsisikap ng komunidad para sa isang libreng shuttle ng komunidad sa pakikipagtulungan sa iba pang mga ahensiya;
- green roof at mga plaza sa bayan (tingnan sa itaas);
- pabahay para sa nakatatanda (hindi bababa sa 80 yunit, o 20% ng lahat ng yunit);
- bulwagan ng komunidad para sa bangkete/ginaganap, sentrong gusali, amphitheater at palaruan;
- (mga) pang-kawangawang pagpapaupa para sa sibikong espasyo;
- pagdurugtong sa tubo ng nire-recycle na tubig.

Bukod pa rito, ang Panukala D ay:

- Mag-aatas ng iba't ibang paggamit, kabilang ang pagtitingi, hotel, pangtirahan, tanggapan, bukas na espasyo at mga parke;
- Magtatatag ng distrito sa pagsosona ng "Ispesipikong Plano sa Sentro ng Bayan ng Vallco;"
- Maglilimita sa pagpapasiya ng Lunsod sa pagtanggap sa mga proyektong may "matatag na pagtalima" sa Ispesipikong Plano sa Sentro ng Bayan ng Vallco o sa pagtanggap sa kondisyonal na permiso sa paggamit para sa mga karagdagang yunit ng tirahan;
- Magpapagaan sa mga paglilimita sa subdibisyon ("pagpaparsela"), nang may mga naaangkop na hakbang sa proteksyon;
- Gagawa ng mga nauugnay na pagsusog sa Pangkalahatang Plano at Kodigong Munisipal;
- Mag-aatas ng pag-apruba ng botante para sa anumang mga pagbabago sa mga tadhana nito na ginawa bago sumapit ang Enero 1, 2027.

Hindi babaguhin ng Panukala D ang mga paglalaan para sa pagpapaunlad na kasalukuyang itinakda sa Pangkalahatang Plano (Talahanayan LU-1).

Ang botong "Oo" ay isang boto na pagtibayin ang Ispesipikong Plano sa Sentro ng Bayan ng Vallco at mga nauugnay na pagsusog sa Pangkalahatang Plano at Kodigong Munisipal. Ang botong "Hindi" ay isang boto na hindi pagtibayin ang Ispesipikong Plano sa Sentrong Bayan ng Vallco at mga nauugnay na pagsusog sa Pangkalahatang Plano at Kodigong Munisipal. Kung naaprubahan ang Panukala D at isa pang sumasalungat na panukala, ang panukalang may mas mataas na bilang ng pagsang-ayon lang ang magkakaroon ng bisa.

Pinetsahan: Agosto 19, 2016

/p/ Randolph Stevenson Hom  
Abugado ng Lunsod ng Cupertino

**Ang pahayag sa itaas ay isang walang-pinapanigang pagsusuri sa Panukala D. Kung gusto ninyo ng kopya ng panukalang ito, pakitawagan ang opisina ng opisyal ng halalan sa (408) 777-3223 at padadalhan kayo ng libreng kopya.**

## PANGANGATWIRANG PANIG SA PANUKALA D

Magbibigay-daan ang Panukala D sa isang praktikal at matagal na dapat na muling pagpapasigla ng humihina at halos bakante nang Vallco Shopping Mall.

Muling papasiglahin ng Panukala D ang Vallco bilang isang makabago at maipagpapatuloy na plaza na para sa iba't ibang paggamit tulad ng iniatas sa Pangkalahatang Plano na ginawa ng komunidad ng Cupertino.

Ano ang Ibinibigay ng Panukala D para sa Mga Residente ng Cupertino:

- 30 akre na Parke ng Komunidad at Lugar na Pangkalikasan na may mga puno, landas at bukas na espasyo
- Isang destinasyong plaza ng Town Center (Sentro ng Bayan), lugar para sa pagtatanghal, natatanging ampiteatro at laruan para sa mga bata.
- Libreng espasyo para sa mga di-nagtutubo at sibikong organisasyon, handaang bulwagan at sentrong lugar ng komunidad.
- Mahigit \$40 milyong isang beses na kita para sa K-12 na distrito ng paaralan ng Cupertino upang bawasan ang laki ng klase at pagyamanin ang edukasyon, milyun-milyon pa *taun-taon* para sa mga lokal na paaralan, at mahigit \$1.2 milyon taun-taon para sa Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng Foothill-De Anza.
- Nagtatabi ng mga bagong pabahay para sa mga lokal na nakatatanda at nagreresulta sa \$50 milyong kontribusyon sa abot-kayang mga pabahay para sa mga pinakakuwalipikadong residente at pamilya ng Cupertino.
- Isang maingat na naplanong transportasyon na nagbabawas hangga't maaari sa mga epekto ng trapiko, kabilang ang isang libreng pangkomunidad na shuttle, sentro ng sasakyang pampubliko, pagpapahusay sa I-280 at sampu-sampung milyong dolyar para sa pagpapahusay sa mga lokal na kalsada.
- Isang LEED Platinum na plano na may pinakamataas na pamantayan sa pagpapanatiling pangkapaligiran, konserbasyon ng tubig at kautusang paggamit ng na-recycle na tubig.

Upang magarantiya ang mga benepisyo sa mga residente ng Cupertino, isinulat ang mga iyon sa Panukala D at magiging isang legal na obligasyon ayon sa batas ng anumang muling pagpapaunlad.

Panukala D: Ang Dapat Piliin para sa Muling Pagpapasigla

Ang pagboto ng Oo sa Panukala D ay nangangahulugan ng isang makabago at mapapakinabangang muling pagpapasigla ng isang bakante at nabubulok nang Vallco Shopping Mall, mula sa pagiging isang luma at pangit na tanawin patungo sa isang kaakit-akit na sentro ng buhay na pangkomunidad.

Ang pagboto ng Hindi sa Panukala D ay nangangahulugang mananatiling bakante ang Vallco Shopping Mall at hindi magagamit nang ilang dekada, na nag-aalis sa pang-isang beses sa isang henerasyon na pagkakataon sa muling pagpapasigla at pagtangi sa milyun-milyon para sa mga paaralan ng Cupertino, mga residente at ating komunidad.

## PANGANGATWIRANG PANIG SA PANUKALA D-Ipinagpatuloy

Malinaw ang dapat piliin para sa hinaharap ng Cupertino. Mangyaring samahan ang Miyembro ng Asembleya ng California na si Evan Low at mga kapitbahay mula sa buong Cupertino sa pagsuporta sa Panukala D. Matuto nang higit pa sa [RevitalizeVallco.com](http://RevitalizeVallco.com).

/p/ Vicky Tsai

Tagapagtaguyod ng Inisyatibo at Taon ng 2005 May-ari ng Maliit na Negosyo

/p/ Dolly Sandoval

Dating Alkalde ng Cupertino at Tagapagtaguyod ng Pabahay para sa Nakatatanda

/p/ Donna M. Austin

Mananalaysay ng Cupertino at Mamamayan ng Taong 2010 ng Cupertino

/p/ Rammohan Varadarajan

Empresaryo sa Mataas na Teknolohiya at Presidente ng New Innings Sports Foundation

/p/ Xiaofeng Xiong

Imbentor at Naninirahan sa Cupertino nang 20 taon

## SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PANUKALA D

Ang Panukala D ay isang listahan ng mga pangarap ng isang tagapagpaunlad—isang dokumentong may 334 na pahina at puno ng mga butas.

### Mga Nangungunang Dahilan sa Pagboto ng HINDI sa Panukala D:

- Ang mga paninindigan nito ukol sa mga "benepisyo sa komunidad", kasama na ang mga libreng shuttle at pera para sa mga paaralan, ay WALANG bisa. Ang mga pagiging karapat-dapat nito, halimbawa ang muling pagpaparsela, ay nakakaalarma.
- Ang tagapagpaunlad na Kompanya sa Ari-arian ng Sand Hill ay may palpak na rekord, kasama na ang hindi natupad na Sentro ng Bayan ng Sunnyvale at mga nasirang pangako sa Main Street ng Cupertino.
- Ang kontrobersyal na green roof ng Vallco, kung maitatayo, ay gagamit ng 86,000+ galon ng tubig araw-araw. Malamang na babagsak ang pagmementina nito sa kamay ng mga nagbabayad ng buwis.

### Ang Panukala D ay:

- Papayag na magtayo sa Vallco ng ilang milyong kuwadrang talampakan ng siksik na patayong gusali na hanggang 10 palapag nang WALANG ng pag-apruba ng lunsod at WALANG mga pag-aaral tungkol sa magiging epekto sa kapaligiran.
- Magdaragdag ng 30,000+ pagbiyahe ng sasakyan araw-araw, magbibigay-daan sa pagsisiksikan sa mga kalye ng lunsod, at pababagalin ang 280 sa isang paggapang.
- Magbibigay-inspirasyon sa mga manggagawa na gamitin ang mga kalye ng kapitbahayan bilang mga pangunahing daanan at paradahan, at isasapanganib ang kaligtasan ng mga bata sa paaralan, ng mga nagbibisikleta at naglalakad.
- Sisira sa Vallco bilang sentro ng pamilihan, at magpupwersa sa mga residenteng sagupain ang trapiko upang makapamilya sa ibang lugar at mabawasan ang kita sa buwis sa pagbebenta para sa Lunsod.
- Magpapatahimik sa ating boses tungkol sa kung anong kailangan natin sa Vallco.
- Magpapayaman sa tagapagpaunlad kapalit ng pagkalugi ng mga residente at paaralan.

**Hindi bibigyang-buhay ng Panukala D ang Vallco bilang isang lugar para sa pamimili, kainan at aliwan.** Ang ibang mga lunsod sa Bay Area ay ginawang matatagumpay na mall ang mga pabagsak nang mall.

## SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PANUKALA D-Ipinagpatuloy

**Karapat-dapat ang Cupertino sa mas magagandang bagay. Bumoto ng HINDI sa Panukala D!**

/p/ Steven M. Scharf

Tagapagtaguyod ng Panukala C, Inhinyero, Naninirahan sa Cupertino nang 17 taon

/p/ Anne Brooke Ezzat

Tagapagtaguyod ng Panukala C, Naninirahan sa Cupertino nang 27 taon

/p/ Xiangchen Xu

Tagapagtaguyod ng Panukala C, Naninirahan sa Cupertino nang 5 taon

/p/ Aravind Balakrishnan

Inhinyero ng Programa sa Computer, Naninirahan sa Cupertino nang 20 taon

## PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA D

Ang sumusunod na Pangangatwirang Laban sa Panukala D ay kumakatawan sa mga OPINYON ng mga may-akda, na mga matagal nang residente na nagtataguyod ng may katuturang pagyabong sa Cupertino. Hinihikayat namin kayong basahin ang inisyatibo at magpasya kung ano ang palagay ninyo.

Ang **pagboto ng Hindi sa Panukala D** ay magbibigay-daan sa pagsasaalang-alang sa mga maipagpapatuloy na alternatibo sa pamamagitan ng mga pangkaraniwang proseso ng pag-apruba ng proyekto at epekto ng pagsusuri at pagbabawas sa epekto.

Ang **pagboto ng Oo sa Panukala D** ay lubos na papataasin ang mga kikitain ng tagapagpaunlad, habang nag-aalok ng mga walang bisa ngunit nakakabighaning pangako at negatibong epekto sa kapaligiran sa komunidad.

Panukala D ng Tagapagpaunlad:

- **Masyadong Masikip! Masyadong Mataas!**  
Sisirain ang Vallco Mall. Papalitan ang mall ng isang malaking parke ng opisina, na may limitadong tingian at pabahay. Hindi nito babawasan ang malalaking epekto; ipinapakita ng pagsusuri sa kapaligiran mula sa Lunsod na hindi sapat ang karamihan ng mga pagbabawas. Ang mga ipinapalabas na "benepisyo" ay mga WALANG bisang pangako. Tataasan nang sobra-sobra ang mga gusali hanggang 120 talampakan. Ang lugar ay magiging isang concrete jungle na walang kapaki-pakinabang na green space sa lupa.
- **Sobra-sobrang Trapiko!**  
Pinapalala ang trapiko sa pamamagitan ng pagdoble sa pang-araw-araw na trapiko sa mga nagko-commute sa mga lokal na kalsada at haywey.
- **Pinapalala ang Kakulangan ng Pabahay kumpara sa Opisina!**  
Magiging mas matagal ang ibibiyaha ng mga guro, resesponde sa sakuna, at iba pang propesyunal sa serbisyo o mas mahihirapan silang makahanap ng tirahan dahil maglalaban-laban sila para sa access sa daan at pabahay dahil sa 10,000 bagong manggagawa sa Vallco.
- **Mahirap Puntahan, Maliban Kung Maglalakad!**  
Hindi mapupuntahan ang mga ipinapangakong tindahan dahil sa kakulangan ng paradahan ng mga sasakyan. Hindi sapat at mababang kalidad ang mga daanan at paradahan ng mga bisikleta. Gagawing mga ilegal na paradahan ang mga kalye ng kapitbahayan sa paligid ng Vallco.
- **Nilalaktawan ang Proseso!**  
Hindi nangangailangan ng kasunduan sa pagpapaunlad. Nilalaktawan ang kinakailangang pagsusuri at pagbabawas sa epekto sa kapaligiran. Inaantala ang mga pagsusuri sa imprastruktura, gaya ng trapiko, tubig, kanal, mula sa oras ng pag-apruba sa proyekto patungo sa unang pagbibigay ng mga permiso sa pagtatayo.

## PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA D-Ipinagpatuloy

Bumoto ng **Oo sa C**, ang inisyatibong itinataguyod ng mga mamamayan. Bumoto ng **Hindi sa D**, isang inisyatibong itinataguyod ng mga tagapagpaunlad.

([www.BetterCupertino.org](http://www.BetterCupertino.org))

/p/ Steven M. Scharf  
Tagapagtaguyod ng Panukala C

/p/ Anne Brooke Ezzat  
Tagapagtaguyod ng Panukala C

/p/ Xiangchen Xu  
Tagapagtaguyod ng Panukala C



## SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALA D

Sa kasamaang-palad, hinihiling sa inyo ng mga lumagda sa Pangangatwirang Laban sa Panukala D na tanggapin ang kanilang "MGA OPINYON," sa halip na isaalang-alang ang TOTOONG IMPORMASYON.

Kami ang kumakatawan sa libu-libong miyembro ng komunidad ng Cupertino na lumagda sa petisyon na naging dahilan upang maging karapat-dapat ang Panukala D sa balota. Gaya ng Cupertino, ang mga tagasuporta ng Panukala D ay may iba't iba ring pinanggalingan, at sama-samang ay naniniwala na ang Panukala D ang pinakamalaking oportunidad ng ating henerasyon upang muling mapasigla ang Vallco at makapaghatid ng malalaking benepisyo ng komunidad para sa mga residente ng ating lunsod.

Mangyaring balewalain ang mga walang pinagbatayang opinyon ng mga kalaban at isasaalang-alang ang totoong impormasyon:

**Isang planong pangkalikasan para sa komunidad.** Sa pamamagitan ng paglalarawan sa plano bilang isang "concrete jungle," ipinakita ng mga kalabang may-akda na mayroon silang kinikilingan at isinasantabi nila ang totoong impormasyon. Sa katunayan, ipinag-uutos ng plano para sa maraming paggamit ng Panukala D, na muling magpapasigla sa Vallco na magtayo ng isang 30 akre na Parke ng Komunidad at Lugar na Nakalaan sa Kalikasan, at gumawa ng inobatibo at kapana-panabik na lugar kung saan maaaring magtrabaho, tumira, maglaro at matuto ang mga residente.

**Wala nang iba pang mga praktikal na alternatibo.** Pagdating sa kinabukasan ng Vallco, kapag bumoto ka ng Hindi sa Panukala D, HINDI "maisasaalang-alang ang iba pang mga napapanatiling alternatibo". Ayon sa mga independiyenteng eksperto sa ekonomiya, tanging ang balanseng plano lang para sa maraming paggamit gaya ng Panukala D ang nag-iisang praktikal na diskarte upang magtagumpay. At batay sa nakalipas na 30 taon, walang anumang mga napapanatiling alternatibong pagtingi.

**Ang mga benepisyo ng komunidad ay ginagarantiya ng batas.** Basahin ang tanong sa balota: kung papasa ang Panukala D, magkakaroon ng bisa ang mga benepisyo ng komunidad alinsunod sa batas. Ibig sabihin, dahil sa Panukala D, makakapaglaan ng \$10-sampung milyong para sa mga paaralan, pagpapahusay ng transportasyon, pagre-recycle ng tubig, pagtatayo ng kinakailangang pabahay sa mga nakatatanda at paggawa ng bukas na espasyo.

Samahan kami at ang dating miyembro ng Asembleya ng California na si Paul Fong sa pagboto ng Oo sa Panukala D.

/p/ Orrin Mahoney  
Dating Alkalde ng Cupertino

/p/ Nancy Ann Newton  
28 Taon nang Miyembro ng Lupon ng Distrito ng Unyon ng Mataas na Paaralan ng Fremont

/p/ Jeff Baicher  
Presidente ng Klab ng Soccer ng De Anza Force sa Cupertino

/p/ Sandy James  
Dating Alkalde ng Cupertino at Dating Miyembro ng Lupon ng Distrito ng Unyon ng Paaralan ng Cupertino

/p/ Michael Chang  
Bise Presidente ng Lupon ng Edukasyon ng County ng Santa Clara at Dating Alkalde ng Cupertino